**KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN NA GINANAP NGAYONG IKA-10 NG MAYO, 2016 SA BULWAGANG PULUNGAN NG AMADO RAYMUNDO.**

**Mga Nagsidalo:**

**IGG. LEONIDA L. RIVERA**
*Pangalawang Punong Bayan at*
*Tagapangulo ng Sangguniang Bayan*

**IGG. ANTONIO L. PUNONGBAYAN, SR.**
*(Majority Floor Leader)*

**IGG. FELICISIMO DR. RAMOS**
*(Minority Floor Leader)*

**IGG. APRILLE KEITH M. LAZARO**
**IGG. WILFREDO C. CRUZ**
**IGG. ORLANDO L. DE GUZMAN**
**IGG. RODRIGO M. SANTOS**
**IGG. LEO T. SANTOS**
**IGG. WILLIE S. LEONCIO**

**IGG. EDWIN N. DE GUZMAN**
*(Pangulo, Liga ng mga Barangay)*

# PAMBAYANG KAUTUSAN BLG. 2016-05

**"ISANG KAUTUSANG NAGPAPATIBAY SA MULING PAG-UURI O *RECLASSIFICATION* NG ISANG PARSELA NG LUPA SA BARANGAY BONGA MAYOR, BUSTOS, BULACAN NA NAKAREHISTRO BILANG TCT No. T-120043, (LOT 1966-B OF THE SUBDIVISION PLAN, PSD-22828), MULA AGRIKULTURAL PATUNGO SA INDUSTRIYAL NA MAY KABUUANG SUKAT NA 27,422 METRO KWADRADO AT PAGBIBIGAY KAPAHINTULUTAN SA PAGTATAYO NG PABRIKA NG TOYO SA NASABING LUGAR."**

---

**Pinagtibay sa mungkahi ni: Igg. Leo T. Santos**
**Chairman**
**Joint Committee on Land Use, Housing and Agrarian Reform; Committee on Trade, Industry and Investment; and, Committee on Labor and Employment**

---

**SAPAGKAT,** nakasaad sa Section 20 ng Republic Act 7160 o Local Government Code of 1991, kung saan binibigyang kapangyarihan ang Sangguniang Bayan na magpatibay ng ordinansa na muling uriin ang isang lupang agrikultural tungo sa komersyal o industriyal at upang magbigay ng mga paraan ng kanilang paggamit;

**SAPAGKAT,** naghain ng kahilingan si Mr. Alfred Delmo kinatawan ng Joly Foods Industries Corporation para sa muling pag-uuri o *reclassification* ng lupa mula sa agrikultural tungo sa industriyal;

**SAPAGKAT,** sa masusing pag-aaral ng Sangguniang Bayan ay napatunayang mas malaki ang magiging pakinabang sa nasabing lupa kung ito mare-*reclassify* mula agrikutural patungong industrial;

**SAPAGKAT**, ang hinihiling na itatayong pagawaan ng toyo sa nasabing lugar ay may maayos na plano at nagpapakita ng maayos na sewerage plan, kung kaya't nakita na ito ay hindi makakapinsala sa kalikasan, kailogan, kapaligiran at sa kumunidad na na malapit rito;

**SAPAGKAT**, ang nasabing pabirka ng toyo ay makakatulong ng malaki para sa pagbibigay ng hanapbuhay sa mga mamamayan ng Bonga Mayor at iba pang mamamayan ng Bustos, Bulacan.

**KUNG KAYA'T**, sa mungkahi ni **IGG. LEO T. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA** gaya ng dito ay **IPINASISIYA**, na pagtibayin ang muling pag-uuri o *reclassification* ng isang parsela ng lupa sa Barangay Bonga Mayor, Bustos, Bulacan, sa ilalim ng TCT No. T-120043, (Lot 1966-B of the Subdivision Plan, PSD-22828), mula agrikultural patungo sa industriyal na may kabuuang sukat na 27,422 metro kwadrado at pagbibigay pahitulot sa Joly Foods Industries Corporation na makapagtayo ng pabrika ng toyo sa nasabing lugar.

**IPINASIYA**, rin, na kung sakaling ang nasabing pabrika ay nakapagdulot ng pinsala o masamang epekto sa kalikasan, kailogan, kapaligiran o kumunidad na nakapaligid rito ay automatikong kakanselahin o ipapawalang bisa ng Sangguniang Bayan ang kapahintulutang rito'y iginagawad.

**IPINASIYANG PANGWAKAS**, na padalhan sa loob ng lalong madaling panahon ng Sipi ng Kautusang ito ang Joly Foods Industries Corporation, Tanggapan ng Municipal Assesor, Tanggapan ng Municipal Planning and Development Coordinator at Tanggapan ng Punong Bayan para sa kanilang kaalaman at marapating hakbang.

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-10 ng Mayo taong Dalawang Libo at Labing Anim.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim

---

Ang Kautusang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-10 ng Mayo taong Dalawang Libo at Labing Anim.

***PINAGTIBAY:***

**APRILLE KEITH M. LAZARO**
Kasangguni

**WILFREDO C. CRUZ**
Kasangguni

**ORLANDO L. DE GUZMAN**
Majority Floor Leader

**FELICISIMO DR. RAMOS**
Minority Floor Leader

**RODRIGO M. SANTOS**
Kasangguni

**ANTONIO L. PUNONGBAYAN SR.**
Kasangguni

**LEO T. SANTOS**
Kasangguni

**WILLIE S. LEONCIO**
Kasangguni

**EDWIN N. DE GUZMAN**
ABC President

**PINAGTITIBAY:**

**LEONIDA L. RIVERA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan